



Pangangasiwa sa Hindi Pagsunod ng Supplier

Introduksyon

Ang dokumentong ito ay nagtatakda ng isang proseso para pangasiwaan ang posibleng hindi pagsunod sa mga policy ng ADM at para makagawa ng pagkilos sa anumang mga isyu ng hindi pagsunod. Ipapabatid ng ADM sa lahat ng supplier na ang tanging tatanggapin nito ay materyal na ginawa at kinontrol alinsunod sa mga layunin nito.

Sinusuportahan ng protocol ng ADM hinggil sa hindi pagsunod ang layunin nito na matukoy ang mga hindi pagsunod at malutas nang maayos ang anumang mga isyu. Inaasahan ng ADM na ganito rin ang mga layunin ng mga supplier nito. Dapat ipaalam ang mga protocol na ito sa buong supply chain nila, kasama na ang sariling mga operasyon nila at mga supply na binili sa ibang mga partido.

Tunguhin ng ADM na lutasin agad ang mga isyu ng hindi pagsunod nang walang nagaganap o naitataguyod na higit pang hindi pagsunod. Iimbestigahan ang lahat ng mapatutunayang paratang ng hindi pagsunod. Ang mga resulta ng imbestigasyon ang pagbabatayan ng gagawing mga pagkilos, samantalang isinasaalang-alang kung gaano kalala ang hindi pagsunod at kung gaano kalaki ang impluwensya ng ADM sa supplier.

Tunguhin ng ADM na lubusang gamitin ang impluwensya nito sa positibong paraan para matugunan ang mga hamon at magbunsod ng pagbabago sa ground. Naniniwala ang ADM na ang pakikibahagi ng supplier ang magiging unang hakbang sa pagtupad nito sa mga layunin nito at pagbubunsod ng tuloy-tuloy na pagbabago.

Pamamahala at Pamunuan

Nagtatag ang ADM ng isang panloob na komite para sa mga reklamo, na may pananagutang pag-usapan at pagpasyahan ang mga kaso ng reklamo. May expertise din ang komite sa sustainability at commercial representative at gagamit din ng legal compliance expertise kapag angkop. Kung kailangan, ang pamunuan ng ADM ay makikibahagi sa ilang partikular na desisyon. Ang progreso ng ADM sa pagpapatupad ng mga policy nito ay regular na iniuulat sa Board of Directors.

Pakikibahagi ng Supplier

Ipinapabatid ng ADM ang mga inaaasahan nito sa mga direktang supplier at hinihiling ang pakikipagtulungan nila para matupad ang mga layunin nito sa buong supply chain.

Inaasahan ng ADM na lubusang susunod ang mga supplier nito sa naangkop na mga batas at tatalima sa mga pamantayang pangkapaligiran at panlipunan na kinikilala sa iba't ibang bansa, bukod pa sa [Code of Conduct](#) at mga policy nito. Makikipag-partner ang ADM sa mga supplier para higit pang mapasulong ang performance nila sa sustainability kapag kailangan. Kung tungkol sa mga producer at mga pangunahing processor na matagal na panahon o paulit-ulit nang may pakikipag-ugnayan ang kumpanya may kinalaman sa pagbili, susuportahan ng ADM ang mga supplier na ito para makasunod.

Inaasahan ng ADM na patuloy na susuriin ng mga direktang supplier ang sarili nila kung nakakasunod sila sa mga policy ng ADM. Inaasahang itatawag-pansin ng mga direktang supplier ang mga ikinababahalang nila o liliinawin nila ang anumang bahagi ng policy ng ADM sa ADM contact nila sa panahong ginagawa ang kasunduan sa procurement. Inaasahan ng ADM na kikilos ang mga direktang supplier kaayon ng mga policy at layunin ng ADM at na ganito rin ang hihilingin nila sa mga supplier nila. Makikipagtulungan ang ADM sa mga direktang supplier para suportahan ang pagsunod ng mga di-direktang supplier sa pamamagitan ng epektibong mga insentibo, mekanismo sa pagsuporta, at mga purchase control system. Kung may aktuwal o hinihinalang hindi pagsunod sa mga policy ng ADM, inaasahan ng ADM na hihimukin ng mga direktang supplier nito ang mga direktang supplier nila (di-direktang supplier ng ADM) na lumikha, magpatupad, at mag-monitor ng mga plano para sa implementasyon nang may takdang panahon para makasunod sila, at maiwasan, o agad na mabigyang-pansin ang hindi pagsunod.